

Dialysate Magnesium Trial

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

2
MILLION
people
worldwide

2 milyong mga tao sa buong daigdig ang umaasa sa dialysis upang suportahan ang kanilang kalusugan

Kailangan ang dialysis upang alisin ang mga ekstrang likido at mga produktong dumi mula sa dugo.



Ang likidong ginagamit sa dialysis ay tinatawag na “dialysate”. Ang “dialysate” ay naglalaman ng magnesium – isang mahalagang elemento na tumutulong sa kalusugan ng puso, kalamnan, at buto.



Ang ilang magnesium ay inaalís sa katawan sa panahon ng “dialysis”. Ang pagdaragdag ng magnesium sa “dialysate” ay tumutulong upang palitan ito.



Nais malaman ng iyong pangkat ng pangangalagang pangkalusugan kung gaano karaming magnesium sa dialysate ang pinakamabuti sa kalusugan ng pasyente.



Ang pagsubok na ito ay dinisenyo ng mga espesyalista sa bato, mga administrador ng ospital, mga mananaliksik at mga pasyenteng tumatanggap ng dialysis.



Ang lahat ng mga pasyente na inaalagaan sa sentrong ito ay bahagi ng pagsubok (na may 150+ na nakikilahok na na mga sentro sa buong Canada)



Paghahambingin ng pagsubok ang konsentrasyon ng dialysate magnesium na kasalukuyang ginagamit sa Canada bilang isang pamantayan ng pangangalaga.

Halos lahat ng impormasyon para sa pagsubok na ito ay titipunin ng iyong pangkat ng manggagamot bilang bahagi ng iyong regular na pangangalaga.

Ang pagsubok ay inaasahang tatakbo sa loob ng mga ilang taon.



Karamihan sa impormasyon mula sa mga kalahok na sentro ng hemodialysis ay manggagaling sa makukuhang malalaking database ng pangangalagang pangkalusugan na sumusunod sa pinakamataas na pamantayan ang mga patakaran sa pagkapribado at seguridad.

Ang mga pasyente sa sentrong ito ay tatanggap ng parehong konsentrasyon ng dialysate magnesium, maliban lamang kung hindi ito inirerekominda ng kanilang manggagamot.

Nais ng aming pangkat sa pananaliksik na makatulong na makahanap ng pampaghinhawa mula sa mga sintomas na nakakaapekto sa kalidad ng buhay ng mga pasyente.



Pulikat ng kalamnan – ang biglaang masakit na pag-ikli ng kalamnan o mga paghilab saanman sa katawan – ay maaring maging hindi kanais-nais na epekto ng dialysis. Ang mga dahilan kung bakit nangyayari ang pulikat ng kalamnan ay higit na hindi malaman.

Upang higit na maunawaan kung paano naapektuhan ng mga pulikat sa kalamnan ang mga pasyente na nasa hemodialysis, ilang beses sa isang taon ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na sagutin ang isang tanong upang ilarawan, sa karaniwan, kung gaano karaming pulikat sa kalamnan ang bumagabag sa iyo noong nakaraang linggo (sa isang sukatan mula 0 hanggang 10).

Maliban kung tipunin bilang bahagi ng rutinang pangangalaga, ang pagsagot sa tanong na ito ay kusang-loob at walang nagpapakilala ng personal na impormasyon ang titipunin para sa mga layunin ng pananaliksik. Maaari kang berbal na sumang-ayon o piliin na huwag sagutin ang tanong. Ang iyong pasiya ay hindi makakaapekto sa kalidad ng iyong pangangalaga.

Laging makipag-usap sa iyong doktor, nars, or iba pang manggagamot bago magsimula ng isang bagong gamot o suplemento.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, makipag-usap sa iyong doktor sa pangangalaga ng dialysis.

MGA MADALAS ITANONG

Ano ang mga posibleng kapakinabangan ng pagsubok na ito?

Makatutulong ang pagsubok na ito upang mahanap ang konsentrasyon ng dialysate magnesium na pinakamabuti para sa kalusugan ng pasyente. Maaaring ito ang pamantayang patakaran na ginagamit sa sentro ng dialysis na ito at mga sentro sa buong daigdig, upang tulungan ang mga tao na mabuhay nang mas mahaba, may mas kaunting sakit sa puso, mga bali, at mga pulikat ng kalamnan.

Ano ang mga posibleng panganib ng pagiging bahagi ng pagsubok na ito.?

Ang mga konsentrasyon ng dialysate magnesium na paghahambingin sa pagsubok na ito ay ginagamit sa kasalukuyang klinikal na pagsasanay sa Canada, kaya ang pakikibahagi sa pagsubok na ito ay walang pinagkaiba sa paglipat sa ibang sentro para sa paggamot ng dialysis (dahil ang iba't ibang mga sentro ay maaring gumamit ng iba't ibang konsentrasyon ng dialysate magnesium concentration).

Magbabago ba ang aking mga regular na sesyon ng hemodialysis dahil ang sentrong ito ay nakikibahagi sa pagsubok?

Ang pagsubok na ito ay dinisenyo para maging bahagi ng iyong karaniwang pangangalaga, kaya malamang na mapansin mo ang minimum hanggang sa walang mga pagbabago sa iyong regular na mga sesyon ng hemodialysis.